

## Checklist para sa online application (para sa mag-aaral at guardian)

\*Ang mga screen na ipinapakita sa mga sumusunod na larawan ay under development at maaaring iba sa aktwal na screen sa panahon ng pag-apply.

### (1) Pagrehistro ng User ID sa application site

#### ☐ Nairehistro mo na ba ang iyong User ID?

Piliin at i-access ang nakatalagang application site (miraicompass) ng napiling metropolitan high school, at irehistro ang iyong email address bilang iyong User ID.

\*Siguraduhing maaari kang makatanggap ng mga email mula sa “@e-shiharai.net”.

\*Ang URL ng application site ay ilalathala sa website ng Tokyo Metropolitan Board of Education at sa mga website ng bawat metropolitan high school simula sa panahon ng pagsisimula ng pag-input sa application (mula Disyembre 19).

#### ☐ Naipasok mo na ba ang verification code? (Larawan 1)

Pagkatapos irehistro ang iyong email address, ilagay sa field ng verification code ang 6-digit code na ipinadala sa iyong email, at ilagay ang password na nais mong irehistro.

Larawan 1

#### ☐ Nairehistro mo na ba ang pangalan ng aplikante (kana) at ang password? (Larawan 2)

Larawan 2

### (2) Pagrehistro ng larawan ng mukha

#### ☐ Naka-login ka na ba sa My Page?

Ilagay ang nirehistrong email address at password, at mag-log in.

#### ☐ Na-import mo na ba ang file ng larawan ng iyong mukha?

Gumawa ng file ng larawan ng iyong mukha at i-save ito sa iyong PC, tablet, smartphone, o ibang device.

#### ☐ Na-upload mo na ba ang larawan ng iyong mukha? (Larawan 3)

Pumunta sa “Para magrehistro ng larawan para sa aplikasyon (出願用写真を登録する方はこちら)”, piliin ang “Piliin ang file (ファイルの選択)” at i-upload ang larawan.

\*Siguraduhing basahin ang mga pamantayan para sa larawan.

Larawan 3

#### ☐ Sinunod mo ba ang mga tagubilin para sa tamang sukat ng larawan? (Larawan 4)

Kapag natapos mo na ang pagrehistro ng larawan ng mukha, bumalik sa My Page at magpatuloy sa hakbang (3).

Larawan 4



### (3) Nakumpirma mo na ba ang uri ng entrance exam bago simulan ang bagong aplikasyon?

#### ☐ Piliin ang uri ng entrance exam mula sa pull-down list.

#### ☐ Nabasa mo na ba ang “Mga abiso (お知らせ)”?

Siguraduhing basahin ang “Mga abiso (お知らせ)”, at suriin ang mga paalala tungkol sa pag-input ng impormasyon.

- **Nairehistro mo na ba ang impormasyon ng aplikante at ang impormasyon sa aplikasyon (Larawan 5)**

Irehistro ang impormasyon ng aplikante at ng guardian. Ang mga item na minarkahan bilang “Kailangan (必須)” ay dapat lagyan ng impormasyon.

Kung ang mga kanji sa pangalan ay nagdudulot ng error sa pag-input, palitan ito ng simpleng bersyon ng kanji. Sa ganitong kaso, piliin ang “Mayroon (あり)” sa item na “Mayroon bang mga karakter na hindi maaaring i-input sa site? (本サイトに入力できない文字の有無)”, at sa input field ng “Apelyido (Special character [姓 (外字)])” at “Given name (Special character) [名 (外字)]”, ilagay ang kanji na nakasaad sa iyong resident certificate.

- **Nakapili ka na ba ng exam? (Larawan 6)**

Piliin ang angkop na exam mula sa pull-down list.

\*Pagkatapos pumili ng exam, siguraduhing i-click ang “Piliin (選択)” na button.

- **Nai-save mo ba ang nilalaman ng rehistrasyon? (Larawan 7)**

I-save ang mga inilagay na impormasyon.

**Kung kasalukuyang nag-aaral sa junior high school sa Tokyo,**

kailangan ipakumpirma ang inilagay na impormasyon sa iyong junior high school, kaya ipagbigay-alam sa guro ng iyong junior high school na nakumpleto mo na ang pag-input. Magpatuloy sa hakbang (4).

**Kung hindi ka kasalukuyang nag-aaral sa junior high school sa Tokyo,** hindi mo kailangang kumuha ng approval sa (4), kaya magpatuloy sa hakbang (5).

#### (4) Pag-apruba sa aplikasyon ng junior high school

- **Humiling ka na ba ng pag-apruba para sa iyong aplikasyon?**

Pagkatapos mong ilagay ang mga kinakailangang impormasyon, ipasuri ang mga ito sa iyong kasalukuyang pinapasukang junior high school at hilingin ang kanilang approval.

\*Kapag natapos na ang approval, makakatanggap ka ng email ng approval ng aplikasyon

Kapag natanggap mo na ang email, magpatuloy sa hakbang (5).

#### (5) Pagbabayad ng entrance exam fee (Larawan 8)

- **Naisagawa mo na ba ang proseso ng pagbabayad ng entrance exam fee?**

Isagawa ang proseso ng pagbabayad ng entrance exam fee.

Pumili ng isa sa mga sumusunod na paraan ng pagbabayad: credit card, convenience store, Pay-easy, o payment slip.

\*Pagkatapos makumpleto ang application process at pagbabayad sa application site, makakatanggap ka ng “Email na nagpapatunay ng kumpletong aplikasyon (申込受付完了メール)”. Magpatuloy sa hakbang (6) o (7).

(Paalala)

Ang panahon ng pag-input sa application site at ang pagbabayad ng exam fee ay magtatapos ng 5 AM sa huling araw ng deadline. Tandaan ito.

#### Larawan 5

#### Larawan 6

#### Larawan 7

#### Larawan 8

| Pangalan ng entrance exam                                                                                         | Panahon ng pag-input               | Panahon ng pagsusumite ng dokumento |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------|-------------------------------------|
| Pagpili batay sa rekomendasyon                                                                                    | 12/19 (Biyernes) – 1/16 (Biyernes) | 1/9 (Biyernes) – 1/16 (Biyernes)    |
| Pagpili ng mga mag-aaral para sa International Baccalaureate Course (International High School) – April admission |                                    |                                     |
| Pagpili batay sa academic exam (unang yugto / unang round ng recruitment)                                         | 12/19 (Biyernes) – 2/5 (Huwebes)   | 1/30 (Biyernes) – 2/5 (Huwebes)     |
| Pagpili ng mga overseas returnee student – April admission                                                        |                                    |                                     |
| Pagpili ng mga dayuhang mag-aaral atbp. na naninirahan sa Tokyo (International High School) – April admission     |                                    |                                     |
| Pagpili para sa distance learning program (unang round ng pagpili)                                                |                                    |                                     |

**(6) Pagpapadala ng mga dokumentong isusumite sa pamamagitan ng koreo (para sa mga hindi nag-aaral sa junior high school sa Tokyo)**

- ☐ **Direktang naipadala na ba ng mismong aplikante (o guardian) ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon sa napiling metropolitan high school gamit ang simpleng rehistradong koreo o katulad na paraan?**  
Kung kasalukuyang nag-aaral sa junior high school sa Tokyo, ang mga dokumentong kailangang isumite para sa aplikasyon ay ipapadala.

Larawan 9

**(7) Pag-print ng admission ticket (Larawan 9)**

- ☐ **Na-download at na-print mo na ba ang admission ticket?**  
Kapag nasuri na ng metropolitan high school ang mga dokumento ng aplikasyon atbp. at walang problema sa mga dokumento, maaari mo nang i-download at i-print ang admission ticket simula sa itinakdang petsa ng pag-print nito.  
\*Maaaring i-print ang admission ticket sa convenience store o iba pang lugar.  
\*Siguraduhing dalhin ang naka-print na admission ticket sa araw ng entrance exam.

